

PRSR STD
US Postage
PAID
Seattle, WA
Permit No. 2871



May Darating na Mga Pagbabago sa Columbia City ngayong Fall 2017

Nitong nakaraang dalawang taon, pinag-aralan ng Seattle Department of Transportation (SDOT) ang paradahan at access sa Columbia City. Ginamit namin ang inyong feedback para mabuo ang isang Neighborhood Parking Plan.

Simula sa fall 2017, ang SDOT ay magsasagawa ng mga pagbabago sa mga regulasyon ng paradahan para maging mas available ang paradahan at inaasahang lugar para sa mga residente, kostumer, mga bisita at empleyado. Basahin sa loob para sa mga detalye ng mga pinaplanong pagbabago.

Abiso ng Pamublikong Pagdinig: Ang SDOT ay magsasagawa ng isang Pamublikong Pagdinig sa pagpapalawak ng RPZ 29 sa Hulyo 10 sa oras na 6:00 PM sa Rainier Arts. Maaaring ibigay ang mga komento sa RPZ sa pagdinig o sa ColumbiaCityParking@seattle.gov sa pagsapit ng Hulyo 21.



P0 Box 34996
Seattle, WA 98124-4996

TAGALOG



Ano ang plano?

- Papalitan ng may bayad na parking ang mga kasalukuyang walang bayad na may limitasyon sa oras. Ang may bayad na parking ay may mix na 2 at 4 na oras na mga limitasyon, na may 2 oras na mga pagitan na papahintulutan ang 3 oras ng pagpaparada na mabibili makalipas ang 5PM.
- Walang bayad na may limitasyon sa oras ay idadagdag sa iba pang mga commercial na kalye sa area na kasalukuyang walang mga limitasyon sa oras.
- Restricted Parking Zone (RPZ) 29 ay nakaplano na palawakin patungo sa silangan. Ang lahat ng mga residente at empleyado sa pinalawak na area ng RPZ ay karapat-dapat para sa mga permiso. Magkakaroon ng Pampublikong Pagdinig sa pagpapalawak ng RPZ sa Hulyo 10, 2017 mula 6:00 PM hanggang 7:30 PM sa Rainier Arts Auditorium sa 3515 S Alaska Street. Mangyari lang magpunta sa website ng proyekto o makipag-ugnayan sa amin para sa karagdagang impormasyon sa pagpapalawak ng RPZ.
- Mga bayong espasyo ng RPZ 29 ay idadagdag sa S Ferdinand St
- Ⓡ Ang mga restriksyon sa parking ay ipapaskil sa mga kalye sa silangan ng 39th Ave S para mapahusay ang daloy ng mga sasakyan.
- ♿ Ang mga naitalagang espasyo para sa may kapansanan na may 4 na oras na limitasyon ay idadagdag sa S Edmunds St at S Hudson St.
- Ang load zone (lugar ng babaan) sa mga pasahero kapag gabi ay idadagdag sa silangang bahagi ng Rainier Ave S. May mga kasalukuyang load zone sa kanlurang bahagi.

Bakit gagawin ang mga pagbabagong ito?

Higit sa isang taon ng outreach at mga pagsusuri sa paradahan, narinig at nakita namin na ang paradahan ay patuloy na pahirap nang pahirap mahanap sa mga bahagi ng Columbia City, at ang ilang mga kalye ay maaaring mahirap na daanan. Ang mga elemento ng planong ito ay sama-samang nagkakaisa upang makatulong sa daloy at gawing mas available ang parking at madaling makita ng mga kostumer, mga bisita, at mga empleyado. Ang pagpapatupad ng bayad na parking at mga limitasyon sa oras ay magpapahusay sa turnover sa pinakamadalas na nagsisiksikan at masisikip na lugar sa neighborhood. Ang pagpapalawak ng RPZ ay magpapaiwas sa pangmatagalang pagpaparada sa mga residential na kalye sa neighborhood noong mga di nagtatrabaho o nakatira sa lugar. Ang mga restriksyon sa parking ay magpapahusay sa daloy ng mga residential na block sa silangan ng Rainier. Ang lugar ng babaan (load zone) para sa mga pasahero sa gabi at mga bagong naitalagang espasyo para sa may kapansanan ay magpapahusay sa access sa neighborhood.



MGA NAPLANONG PAGBABAGO

- May bayad, \$1/oras, 8 AM-8 PM Lunes-Sabado, 2 oras na Limitasyon, na 3 oras makalipas ang 5 PM (60 espasyo)
- May bayad, \$1/oras, 8 AM-8 PM Lunes-Sabado, 4 oras na Limitasyon, (20 espasyo)
- RPZ, 7 AM-6 PM Lunes-Biyernes, 2 oras maliban kung may permiso (390 espasyo)
- Walang bayad na May Limitasyon sa Oras, 7 AM-6 PM, Lunes-Sabado 2 oras na limitasyon (40 espasyo)
- Ⓡ Karatula na No Parking
- Magtakda ng Turn-Out na Mga Lugar
- Ibahin ang lokasyon ng Kasalukuyang Load Zone (Lugar ng Babaan) sa Umaga at Magdagdag ng Passenger Load Only (Sakayan Lang ng Pasahero) 6 PM - 2 AM
- Magdagdag ng Bagong RPZ na Espasyo ng Paradahan
- ♿ Natalagang Paradahan sa May Kapansanan, 4 na oras na Limitasyon

Kailangan gagawin ang mga pagbabagong ito?

Ang pagpapatupad ay nakaplano sa fall 2017. Mga naka-schedule na update ay ilalagay sa website ng proyekto.

Impormasyon sa Proyekto, FAQ at Pakikipag-ugnayan

www.seattle.gov/transportation/parking/cp_ColumbiaCity.htm

Email: ColumbiaCityParking@seattle.gov o tumawag sa (206) 733-9026

Pampublikong Pagdinig sa Pagpapalawak ng RPZ Lunes Hulyo 10 2017 mula 6:00 PM hanggang 7:30 PM sa Rainier Arts Auditorium sa 3515 S Alaska St. Mangyari lang na paunang makipag-ugnayan sa amin kung kailangan ninyo ng mga serbisyo ng interpreter sa pagpupulong na ito.